


**Nagbibigay lamang ng buod ng programa ang leaflet na ito; para sa mga restriksyon at detalye mangyaring sumangguni sa Counsil File #13-1488, Final Ordinance #186935 pdf sa website ng City Clerk sa:**

**http://cityclerk.lacity.org/lacityclerkconnect/index.cfm?fa=ccfi.viewrecord&cfnumber=13-1488**

**Para sa "Board of Public Works Rules and Regulations for Administration of the Financial Assistance Program for Sewer Repair" i-click dito :**

**https://sanitation.lacity.gov/cs/groups/public/documents/document/y250/mdk5/~edisp/cnt099347.pdf**

## Narito ang ilan sa karaniwang mga tanong may kinalaman sa Mga Programa sa Lateral Rebate ng Lungsod ng Los Angeles:

### T1. Sino ang kuwalipikado sa rebate?
**S.** Lahat ng mga ratepayer na nagbabayad ng Singil sa Serbisyo ng Sewer sa Lungsod ng Los Angeles, at ang mga may mabuting katayuan sa kanilang pagbabayad, ay kuwalipikado na mag-apply para sa mga rebate.

### T2. Anong mga rebate ang available?
**S.** Rebate sa CCTV hanggang $300 at Rebate sa Sewer Lateral Repair hanggang $2,500. Narito ang link sa aming online na aplikasyon: **myla311.lacity.gov**

### T3. Kung mag-apply ako para sa rebate, magagarantiyahan ba ito?
**S.** Hindi, ibinibigay ang mga rebate sa paraang first-come, first-serve, na may kundisyon sa pagkukumpleto at katumpakan ng aplikasyon ng rebate at sumusuportang dokumentasyon, at magagamit hanggang sa maubos ang taunang pondo.

### T4. May pananagutan ba ang Lungsod sa pag-aayos ng Sewer Lateral?
**S.** Hindi, pananagutan ng mga may-ari ng ari-arian ang sewer lateral.

### T5. Anong mga uri ng permit ang kakailanganin?
**S.** Kinakailangan ang "S" permit para sa pag-aayos sa sewer lateral. Kinakailangan ang "A" permit para sa anumang trabaho na ginagawa sa pampublikong right-of-way.

Mangyaring tingnan ang BOE Public Counter sa iyong lugar para sa karagdagang impormasyon. Nasa link na ito ang mga lokasyon ng BOE Public Counter:**https://engineering.lacity.gov/office-locations**

### T6. Ano ang pampublikong right-of-way?
**S.** Ang pampublikong right-of-way ay pag-aari ng Lungsod lampas sa gilid ng bangketa at nagpapatuloy sa kalye o eskinita.

### T7. Saan ko maaaring i-email ang aking CCTV video file?
**S.** Maaaring ilagay ang mga link ng video file sa rebate application form. Kung hindi ka makapagbigay ng link, o hindi mag-a-upload ang iyong file, maaari mong i-email ang iyong file sa **san.SLRebates@lacity.org**.

### T8. Saan ko ipapadala ang aking DVD o thumb drive?
**S.** Kung ang isang online na aplikasyon ay hindi posible, ang CCTV ile ay masyadong malaki upang i-upload sa isang email, o hindi ka makapagbigay ng link ng video file sa on-line na aplikasyon, maaari mo silang ipadala sa koreo sa:

**LA Sanitation and Environment**
**WESD - Sewer Lateral Rebate Program**
**2714 Media Center Drive**
**Los Angels, CA 90065**

***Ang Lungsod ay walang pananagutan para sa nawala o naligaw na padala.**

### T9. Kung magpadala ako ng kopya ng aking CCTV video (DVD o thumb drive), ibabalik ba sa akin ng Lungsod ang kopyang ito?
**S.** Siguraduhing mag-save ng kopya para sa iyong mga rekord dahil hindi maibabalik ng Lungsod ang anumang naipadalang mga DVD o thumb drive, at hindi mananagot para sa anumang nawala o naligaw na padala.

### T10. Paano ako kukuha ng isang contracor para i-CCTV video ang aking sewer lateral o ayusin ang sewer lateral?
**S.** Makakahanap ka ng naka-bond na lisensyadong sewer contractor at tingnan ang mga dokumentong nakalista sa ibaba sa California Department of Consumer Affairs Contractors State License Board sa: **https://www.cslb.ca.gov/Consumer.aspx**

**• Bago Mag-hire ng Contractor • 10 Tip sa Pag-hire ng Contractor • Pamplet 10 tip para sa pag-hire ng contractor • Checklist para sa mga prescreening contractor • Construction Checklist**

Makikita mo rin ang Listahan ng mga Naka-bond na Sewer Contractor mula sa Bureau of Engineering sa aming website sa **https://www.lacitysan.org/cs/groups/public/documents/document/y250/mdiz/~edisp/cnt023741.pdf**

### T11. Ano ang proseso pagkatapos kong punan ang isang aplikasyon sa portal ng MYLA311 SR?
**S.** Awtomatikong nagpapadala ng tugon ang on-line na aplikasyon sa sandaling punan mo ang isang aplikasyon at tinitiyak na ang lahat ng mga dokumento ay isinumite sa loob ng 30 araw. Maaaring magbago ang oras ng pag-apruba dahil maraming dibisyon ang kasangkot sa proseso ng pag-apruba. Mangyaring asahan ang hindi bababa sa 3-4 na buwan ng panahon ng pagsusuri ng aplikasyon.

### T12. Kapag nag-apply na ako para sa rebate, paano ko titingnan ang status ng aking aplikasyon?
**S.** Sa email ng kumpirmasyon na matatanggap mo ay mayroong service request (SR) number para sa iyong aplikasyon. Pumunta sa MyLA311 web page **myla311.lacity.gov** at mag-log in para makita ang status ng iyong aplikasyon.
Kakailanganin mo ang iyong SR number para tingnan ang iyong status.

### T13. Paano ako makakakuha ng aplikasyon kung wala akong internet access?
**S.** Tumawag sa aming Customer Care Center sa **(800) 773-CITY**para makuha ang mga sumusunod na dokumento sa koreo: CCTV Application; Sewer Lateral Repair Application; IRS W-9 form (kinakailangan lamang pagkatapos maaprubahan ang rebate).

### T14. Kailangan ko bang kumpletuhin CCTV inspection o sewer lateral repair work para maging kuwalipikado para sa mga rebate, at maaari ba akong mag-apply para sa parehong rebate?
**S.** Oo. Gayunpaman, ang trabaho ay hindi dapat nakumpleto nang higit sa 6 na buwan bago ang aplikasyon sa sewer lateral CCTV rebate. Ang mga pag-aayos at inspeksyon na may kaugnayan sa mga sewer lateral ay dapat makumpleto nang hindi hihigit sa 60 araw bago ang aplikasyon sa rebate sa sewer lateral repair. Maaari kang mag-aplay para sa parehong mga rebate.

Para sa tulong sa alinman sa mga aplikasyon ng rebate, maaari kang makipag-ugnayan sa:

Website: **http://www.lacitysan.org/SLRebates**
Programa sa Sewer Lateral Rebate sa pamamagitan ng email sa **san.SLRebates@lacity.org**

o sa pamamagitan ng numero ng Customer Care Center sa **(800) 773-CITY (24 oras/7 araw sa isang linggo) o para sa TTY: (213) 473-4112.**

Online na Aplikasyon:
**myla311.lacity.gov**

environment LASANITATION
CITY OF LOS ANGELES
zero waste • zero wasted water

Bilang isang sakop na entity sa ilalim ng Title II ng Americans with Disabilities Act, ang Lungsod ng Los Angeles ay hindi nagtatangi batay sa kapansanan at, kapag hiniling, ay magbibigay ng makatwirang akomodasyon upang matiyak ang pantay na pag-access sa mga programa, serbisyo at aktibidad nito. Isang tagapag-empleyo ng pantay na pagkakataon ang Lungsod ng Los Angeles